Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG HULYO 6, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang ALAN T. PAMATMAT | ..... | PANGALAWANG PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. de Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Romulo A. Elca | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Angelito U. Limjuco | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Oscar F. Feliciano | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Isagani R. Malapaya | ..... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |

DI-DUMALO

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes | . | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

**KAPASIYAHAN BLG. 125-T2009**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 003-T2009 NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BARANGAY NG BUBUKAL NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG DAANG LIBO DALAWANG DAAN SIYAMNAPU'T PITONG PISO AT LIMAMPU'T APAT NA SENTIMOS (Php100,297.54) MULA SA NATIRANG PONDO NG TAONG 2008 UPANG ILAAN SA 20% DEVELOPMENT FUND (Php40,255.00), 10% SK FUND (Php13,029.75), REPAIR AND MAINTENANCE (Php13,000.00), GRASS CUTTER (Php13,500.00), MENTINANSYA AT IBA PANG GUGULIN (Php15,512.79) AT OFFICE SUPPLIES (Php5,000.00) NG NABANGGIT NA BARANGAY.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 038-T2009/Kautusan sa Paglalaan Blg. 003-T2009 ng Sangguniang Barangay ng Bubukal na nagkakahalaga ng Php100,297.54 mula sa natirang pondo ng taong 2008 upang ilaan 20% development Fund (Php40,255.00), 10% SK Fund (Php13,029.75), Repair and Maintenance (Php13,000.00), Grass Cutter (Php13,500), Mentinansya at Iba pang gugulin (Php15,512.79) at Office Supplies (Php5,000.00) ng nabanggit na barangay.

**SAPAGKA'T**, ang nasabing kahilingan ay napaliwat sa Lupon sa Pananalapi para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagsusuri at pag-aaral ng mga kasapi ng naturang lupon sa paglilipat at paglalaan ng pondo ng nabanggit na barangay ay inirekomendang pagtibayin na ito.

**SAPAGKA'T,** lahat ng mga laang gugulin ng barangay ay itinatagubiling iayon sa mga tuntunin sa pagbabadyet, pagtutuos at pag-a-awdit.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Louie C. de Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Ramon D. Tan at Roselon F. Pamatmat at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kautusan sa Paglalaan Blg. 003-T2009 ng Kagalang-galang Sangguniang Barangay ng Bubukal na nagkakahalaga ng Php100,297.54 mula sa natirang pondo ng taong 2008 upang ilaan 20% development Fund (Php40,255.00), 10% SK Fund (Php13,029.75), Repair and Maintenance (Php13,000.00), Grass Cutter (Php13,500), Mentinansya at Iba pang gugulin (Php15,512.79) at Office Supplies (Php5,000.00) ng nabanggit na barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay Bubukal, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kautusang ito.

*Jeanette P. Alfonso*
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

*Alan T. Pamatmat*

NAGPATOTOO: **ALAN T. PAMATMAT**
Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: **ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan